**PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s SPEECH AT THE TRABAHO AT SERBISYONG PANGKALUSUGAN SA BAGONG PILIPINAS IN CAVITE**
Dasmariñas City, Cavite
March 21, 2025

[00:00:00]
Magandang hapon po sa inyong lahat! [cheers and applause]

Nakakatuwa naman po na makita ko kayong lahat at kayo ay nakadalo. Aba… [Crowd chanting: BBM! BBM! BBM! BBM! BBM! BBM!]

Mukhang campaign period na talaga rito sa Cavite ah. [cheers]

Maraming salamat. Maraming, maraming salamat, maraming salamat sa… [cheers] Oh, hoy! [cheers]

Maraming salamat. Napakainit naman ng salubong na natanggap ko. [cheers] Maraming salamat – lagi naman [cheers] – lagi naman pagka ako'y dumadalo ng Lalawigan ng Cavite ay nandiyan kayong lahat at lagi niyo akong sinasalubong ng malalakas na sigaw at magagandang mga ngiti. [cheers] Kaya't maraming salamat po muli.

Alam niyo po sadya po namin dito kaya kung makita po ninyo kasama po natin ang mga iba't ibang Cabinet Secretary. Sila iyong mga kalihim ng mga iba't ibang departamento.

[00:01:17]
Nandito po si Secretary Kiko Laurel ng Department of Agriculture; [applause]

nandiyan po si Secretary Benny Laguesma ng DOLE; [applause] si Secretary Ted Herbosa naman ng Department of Health; [applause] nandiyan po si Secretary Rex Gatchalian ng DSWD. [applause]

Kaya po kami nandito upang ibuo itong aming mga ginagawa na isang pagsasama-sama ng mga iba't ibang departamento upang makapagbigay ng tulong sa inyo, upang makapagbigay ng kung anuman ang mga pangangailangan ng ating mga kababayan.

Alam niyo po ang nangyari po sa ating pamahalaan ngayon, ang aming ginagawa ay kinilala kaagad namin na hindi siguro kaya ng isang departamento lamang ang problema na hinaharap ng taong-bayan.

Kaya't ang tawag po namin diyan ay [whole]-of-government approach. Lahat po ng buong gobyerno ay pinagsasama-sama namin. Dahil kagaya ng aking nasabi, hindi naman po DA lang, agriculture lang kaya nang ayusin ang problema. Hindi naman po DSWD lang matatapos na ang pangangailangan ng ating mga kababayan. Hindi po kaya ng isang departamento lamang. Kaya't ganito po ang aming ginagawa.

Mayroon din pong – galing lang po ako sa labas. Mayroon rin KADIWA na ipinagbibili ang mga gamit lalo na ang bigas na napakamurang presyo at nag-usap po kami ng Department of Agriculture na dagdagan dahil napakabilis maubos ang stock namin. Kaya sabi ko, marami pang gustong bumili, dagdagan natin para naman wala namang – hindi natin masilbihan ng ating mga mura na kagamitan, mura na pagkain.

Tapos kasama din po diyan nakita naman po ninyo diyan sa likod, mayroon tayong – hanggang sa labas mayroon tayo pong mga bus na laboratory, pang X-ray. Nandito po ang ating mga doktor, ang ating mga nurse, ang ating mga medtech [applause] upang tingnan kung ano po ang maitutulong nila kung sinuman ang may karamdaman ay nandito po…

Hindi lamang po ang pagpapagamot, pati na ang pagbigay ng mga dokumento kagaya ng mga ID ng mga PhilHealth upang hindi na po kayo mahirapan na hahanap-hanapin pa ang inyong mga pangalan eh maipakita niyo kaagad iyong inyong hawak na ID card eh maayos na kaagad.

Bukod pa roon, ang 4Ps naman, ang report sa akin ni Secretary Gatchalian ay magga-graduate na ang karamihan ng 4Ps. Ibig sabihin gumanda na po ang kalagayan ng kanilang buhay at hindi na po sila nangangailangan ng ganoong klaseng tulong. Ngunit patuloy pa rin kahit na nag-graduate na sa 4Ps, mayroon naman tayo, ang proyekto ng DOLE, nandito po, parang job fair. Ang job fair ay…

Doon naman sa labas, mayroon tayong mga livelihood project na nanggaling sa TUPAD. At ito po ay upang tumulong sa mga nawalan ng trabaho o gustong magsimula ng kahit na mga kung ano-anong negosyo ay tinutulungan natin.

Doon sa labas puro sewing machine ang nakita natin. Tapos iyon pang mga iba't ibang kooperatiba na gumagawa ng iba't ibang produkto ay binibigyan din ng tulong ng DOLE. At iyan po ay pinagsama-sama na namin. Ito po para naman ay hindi na po kayo kailangan – aabangan ninyo iyong medical mission, tapos uuwi. Tapos next week, babalik na naman kayo para sa job fair. Tapos sa next week, babalik na naman kayo para sa TUPAD.

Eh pinagsama-sama na po namin at mabuti naman po at kayo'y nandito. Kaya po ako'y nadaan upang tingnan at tiyakin na maganda ang takbo at ang inyong pangangailangan ay aming nabibigyan ng pansin, aming natutugunan ang mga problemang hinaharap ninyo.

Asahan po ninyo at ang inyong pamahalaan ay lagi pong nandito, lagi pong nag-aalalay po sa inyong lahat. At asahan ninyo hindi po kami aalis hangga't kayo ay nangangailangan ng tulong galing sa pamahalaan. Nandito po kami lagi.

Maraming, maraming salamat po! [cheers and applause]

Magandang hapon po mga tiga-Dasmariñas, tiga-Cavite. [applause]

[00:06:30]

***

BAGONG PILIPINAS